



“Alam mo ba kung paano magsimula ng “restaurant”?”

Ikaw ay maaring magbukas ng “restaurant” at maghain ng pangunahin pagkain mula sa iyong bansa dito sa Japan kung meron kang lisensiya.

- ★★— Mahilig ka bang magluto? Kung oo ang sagot, maaring magsimula —★★
 ★★— ng sariling “restaurant” ihain ang pagkaing mula sa inyong bansa. —★★

Sa Japan, maraming “restaurant” ang nag kakaloob ng ibat-ibang uri ng pagkain mula sa palibot ng mundo.

Ngayon, Ang mga hapon ay nasisiyahan sa ibat-ibang uri ng luto, tulad ng sa Asya, Italia, French at “middle” at “Near East food”. Ito ay naging popular na pumunta sa mga “restaurant”. Pakiramdam nila ay nasa langit sa mga lutuing ito.

Matatagpuan ang ibat-ibang uri ng restaurant, tulad ng “Indian” at “French restaurant”, sa Fujimino-city, kung saan ang Fujimino International Cultural Exchange Center ay nanduon. Ag staff ng FICEC ay gusto ang masarap nilang pagkain. Kaya nga kung meron silang napuntahang mahusay na “restaurant” ito ay nagiging paksa ng kanilang usapan. Tiwala ka ba sa iyong luto? Kung ang kasagutan ay oo, bakit hindi magsimula ng sariling “restaurant” upang maghain ng pagkain mula sa inyong bansa? Hindi mahirap magbukas ng “restaurant” upang magtinda ng pagkaing mula sa inyong bansa. Merong tatlong “principal” legal na kakailanganin dito.

★No.1: Ang Pasilidad ay kailangang aprobadong ng pampublikong “health center”. Halimbawa nito ay dalawa o higit pa na lababo na nakapuesto sa kusina, apparatus na magbibigay ng mainit na tubig, kailangan din ang “wash basin” at sabon na naka puesto naman sa “bathroom”.

★No.2: Ang may-ari at mangagawa ng “restaurant” kailangan kwalipikado bilang “food sanitation supervisor”. Ayon sa batas ng Japan, kailangan mag talaga ng tao para sa pagkain sa bawat pasilidad. Subalit hindi mahirap kumuha ng lisensiya ukol dito.

Upang makakuha bilang “food sanitation supervisor”, kailangan sumailalim sa isang araw na pag-aaral ukol sa “hygienic regulation”, “community hygiene” at “food hygienic”.

Sa pag-aaral, matututunan kung paanong panatilihin ang kusina at paano maiwasan ang “food poisoning”. Merong pagsusulit pagkatapos ng pag-aaral. Pag naipasa ang pagsusulit ang kwalipikadong tao ay bibigyan ng “certification”. Ang pag-aaral ay ginaganap sa bawat siyudad at ito ay kautusan ng gobyerno bawat bayan. Para sa detalye ng “food hygiene lectures”, maari po lamang na magtanong sa “public health centers”. Ang bayad sa pagsusuri ay 10,000 yen.

★No.3: Maghanda ng pangunahing dokumento para sa aplikasyon upang makakuha ng business license. Upang makakuha ng lisensiya, kailangang ihanda ang mga dokumento tulad ng “drawing of a restaurant”, “a map near the restaurant” and a “water quality inspection ticket”. Ang aplikasyon ay makukuha sa “public health center”.

Sagutan ang aplikasyon, at isumite na kasama ang mga nabanggit na mga dokumento. Kailangan bayaran ang aplikasyon sa oras ding iyon. Pagka tanggap ng binayang aplikasyon, ikaw ay aabisuhan ng “public health center” kung kailan ang araw ng imbestigasyon. Ang “Investigation officers” na nakatalaga ay galling mismo sa “public health center” na sa nakatakdang araw ay susuriin ang lugar at kagamitan ng “restaurant” kung ito ay nakapasa ipagkaloob ang “business license” sa loob ng isang lingo. Ikaw ay isa ng may-ari ng “restaurant”. Bakit di mo ihain ang masarap na pagkain mula sa iyong bansa sa mga hapon? ”Note: Details of requirements vary from prefecture to prefecture. Please make an inquiry to public health center before proceeding”.



▲ Indrani Yamange’s Sri Lanka Restaurant (Fujimino-city) Opened since August, 2000

www.ficec.jp/foreign/

● Mababasa mo ang “Information Fujimino” na nailimbag sa nakalipas sa internet.

Why don't you check your dental health by getting "Individual dental check-up for adult"?

● "Indibidwal na "dental check-up" para sa matanda "

Bago tuluyang maubos ang inyong mga ipin, magkaroon ng "dental check up" kung maayos din lang ang pakiramdam. Ang Fujimino-city ay nagsimula ng tumanggap ng aplikasyon para sa "dental check-up". Ang aplikasyon ay hanggang Nobyembre. Ang "check-up" ay para sa bawat tao na ang edad ay 40 hanggang 70 taong gulang.

Kung nais na magkaroon ng "dental check-up", isulat po ang "こべつしかけんしん" (Indibidwal na "dental check-up") at impormasyon tulad ng □ Pangalan (isulat ang kana sa tabi ng pangalan kung paano basahin) □ Kapanganakan □ Edad □ Tirahan at zip code □ Blg. ng telepono □ Medikal institusyon na nais puntahan (kung di alam ang medical na institusyon, maari po lamang na magtanong sa Kamifukuoka health center. <tel:264-8292>) sa postcard at ipadala sa Kamifukuoka health center.

(Address: General Center "FUKUTOPIA" 1-2-5 Fukuoka, Fujimino-city) Ang mga aplikante ay kailangang mag aplay bilang indibidwal. Ang "health center" ay magpadala ng "check-up questionnaire" kung ang iyong aplikasyon ay natanggap.

Sabado ay araw ng "international children's club". Pinagukulan namin ng lakas upang mapa unlad ang mag-aaral. academic skill.

"Summer vacation" ay halos nasa kalahati na. Kabataan ay nagsisikap upang maging kapakinabangan ang "summer". Para sa kanila ito ay panahon ng "homework" o sakit sa leeg. "International children's club" ay tumutulong sa kabataan sa kanilang "homework". Ang "club" ay nagkaloob ng suporta sa mag-aaral na isang banyaga. Ito ay bukas tuwing Martes at Sabado mula 10:00 hanggang 12:00 habang bakasyon. Tayo na tapusin ang inyong "homework".

Ang mainit na "summer event" sa FICEC's Japanese class

Fujimino city Tanabata festival, ay masikip sa dami ng tao taon-taon. Ngayon ito ay gaganapin sa ika-7 at ika-8 ng Agosto. Ito ay isang buwan ng huli sa original na araw nito. Sa "Japanese class", kami ay mag didiwang ng Tanabata tulad nito. Magkakaroon ng pagsuot ng Yukata. Ito ay gaganapin sa ika-5 ng Agosto simula ng 12:00. Tayo ng sumubok at maranasan ang pagsuot ng Yukata at magsaya kumain ng somen sa kasiyahang ito. Libre walang bayad. Bakit di makisaya kasama ng iyong kaibigan?



Kakai bang kaugalian ng Hapones para sa Banyaga.

Ayumi Kanda

"Ano ang iyong "type"?"

Kung ikaw ay nakatira sa Japan ng maraming taon, maaring magtanong sa isang usapan. Ikaw ay magtataka pag naitanong ang tungkol sa "type" kung di mo alam ang popular na kultura ng hapon.

Sa Japan ito ay natural lang magtanong nito. Sa hapones pag nagtanong ukol sa "type", 38 percent ay sasagot ng "Type A"

Ang "type" siguradong ibig sabihin ay blood type. Alam mo ba yun? Sa Japan, naniniwalang ang personalidad ay malalaman sa pamamagitan ng "blood type". Sa nakalipas ng taon, ang "media" at maraming libro ukol sa blood types ay nakatulong sa paniniwalang ito. Mga tao ay magtatanong ng "blood type" at kung ano ang pangalan, at kaarawan. Ang "percentage" ng apat na uri ng "blood types" sa Japan ay ang sumusunod: 38 percent Type A, 31 percent Type O, 22 percent Type B and 9 percent Type AB

Nandito ang kabuuan ng ideya ng bawat "blood type".

Type A: They are earnest, indecisive.

Type B: They are doing things at one's own pace. People with peculiar tastes

Type O: They are outgoing, straightforward.

Type AB: They have two different faces.

They have something of a genius.

Ang ideya ng "blood type" ay nakakaapekto sa personalidad ay alam ng buong bansa sa Asia. Tulad ng Japan, Korea at Taiwan. Subalit, ang iba naman ay hindi alam ang idea na ito at kanilang iniisip na ito ay isang kulturang ito ay nakakatuwa. Bakit di mo subukang tanungin ang iyong kaibigan ukol sa kanyang "blood type"? Maaring makatuklas ng kakaiba ukol dito.

Kumuha ng "hazard map" upang maghanda sakaling lumindol at Alamin ang malapit na "evacuation area" ng mas maaga.

Ang "Earthquakes" ay madalas sa Japan. Subalit, hindi natin alam kung kalian ang malaking earthquake na darating.

Para sa preparasyon sa "earthquake", kausapin ang inyong pamilya sa malapit na "evacuation" area. Magtalaga ng lugar tagpuan kung magka hiwalay hiwalay kayong magkapamilya. Ang Fuji mi-city at Fujimino-city ay muling gumawa ng bagong "hazard map". Maari po lamang para sa "emergency situation. Kung di alam kung sa an kukunin ito, Magtungo sa FICEC. Ipagkaloob namin sa inyo ito.

www.ficec.jp/living/

● Gabay sa buhay na salin sa anim(6) na wika.